

Is there treatment for hepatitis B?

Yes, hepatitis B treatment is very effective but it is not a cure. Not all people with hepatitis B need treatment. However, **all people with chronic hepatitis B should have regular check-ups** (every 6 or 12 months and sometimes more often) **with their doctor for the rest of their life.** This is the best way to prevent liver cirrhosis and liver cancer caused by chronic hepatitis B.

How can people protect themselves from hepatitis B?

The **hepatitis B vaccine** is the best way to prevent people from getting hepatitis B.

If you don't know your status, it is very important for you to see your doctor to get a hepatitis B test as soon as possible.

Please contact us at health@eccq.com.au or download a copy of the **B Healthy** Booklet and **Let's Talk About It** booklet from the website for further information. You can also ask us to send you hard copies for free.

May paggamot ba para sa hepatitis B?

Oo, ang paggamot sa hepatitis B ay napakaepektibo pero hindi ito lunas. Hindi lahat ng taong may hepatitis B ay nangangailangan ng paggamot. Subalit, **lahat ng taong may chronic hepatitis B ay dapat magkaroon ng mga regular na check-up** (bawat 6 hanggang 12 buwan at paminsan-minsan mas madalas) **sa kanilang doktor habambuhay.** Ito ang pinakamahasay na paraan upang maiwasan ang cirrhosis ng atay at kanser sa atay na dulot ng chronic hepatitis B.

Paano poprotektahan ng mga tao ang kanilang sarili mula sa hepatitis B?

Ang **bakuna sa hepatitis B** ang pinakamahasay na paraan upang iwasan ng mga tao na mahawa sa hepatitis B.

Kung hindi mo alam ang iyong kalagayan, napakahalaga para sa iyo na makipagkonsulta sa iyong doktor upang makakuha ng pagsusuri sa hepatitis B sa lalong madaling panahon.

Mangyaring kontakin kami sa health@eccq.com.au o i-download ang kopya ng **B Healthy** Booklet at **Let's Talk About It** booklet mula sa website para sa karagdagang impormasyon. Maaari mo ring hilingin sa amin na padalhan ka ng mga papel na kopya nang libre.



Sakit sa Atay Hepatitis B Liver Disease Hepatitis B

Kontakin Kami

Website: www.eccq.com.au/bbv
Telepono: **07 3844 9166**
Fax: **07 3846 4453**
Email: health@eccq.com.au


Contact Us

Website: www.eccq.com.au/bbv
Phone: **07 3844 9166**
Fax: **07 3846 4453**
Email: health@eccq.com.au



This resource is produced by
ECCQ with funding from Queensland Health
Reviewed 2023

Ang rekursong ito ay ginawa ng ECCQ na may
pondo na mula sa Queensland Health
Nirepaso noong 2023



Ano ang Hepatitis B?

Ang Hepatitis B ay isang potensyal na banta sa buhay na impeksyon sa atay na dulot ng virus ng hepatitis B. Ito ay isa sa limang impeksyon na dulot ng virus ng hepatitis: hepatitis A, hepatitis B, hepatitis C, hepatitis D at hepatitis E. Sa mga ito, ang hepatitis A, hepatitis B at hepatitis C ang pinakakaraniwan.

Ang Hepatitis B ay maaaring acute (isang panandaliang impeksyon na tumatagal nang mas mababa sa anim na buwan) o chronic na impeksyon (isang pangmatagalang impeksyon na tumatagal nang higit sa 6 na buwan).

Gaano kakaraniwan ang Hepatitis B sa Australia?

Hindi karaniwan ang acute hepatitis B, pero napakakaraniwan ng chronic hepatitis B sa mga taong isinilang sa ibang bansa, lalung-lalo na ang mga tao na mula sa mga bansang Asyano at Aprikano.

Sinusuri ba ang mga tao para sa hepatitis B bago sila pupunta sa Australia?

Karamihan ng mga tao ay hindi inaatasang masuri para sa hepatitis B bago lumipat sa Australia nang permanente o pansamantala. Samakatuwid, dapat kang masuri kung hindi mo alam kung may hepatitis B ka o wala.

Paano nakakaapekto ang hepatitis B sa mga tao?

Ang acute hepatitis B ay hindi nagdudulot ng pangmatagalang mga problema sa kalusugan. Subalit, humigit-kumulang 25% ng mga taong may chronic hepatitis B ay maaaring magkaroon ng malubhang sakit sa atay kabilang ang **pagpalya ng atay** (tumitigil sa paggana ang atay), **cirrhosis ng atay** (pagkakapilat ng atay), **kanser sa atay** at **maging ang kamatayan**. Maaari itong iwasan kung ang mga taong may chronic hepatitis B ay magkakaroon ng mga regular na check-up sa kanilang mga doktor, at magkakaroon ng paggamot kung kinakailangan.



What is hepatitis B?

Hepatitis B is a potentially life-threatening liver infection caused by the hepatitis B virus. It is one of five viral hepatitis infections: hepatitis A, hepatitis B, hepatitis C, hepatitis D and hepatitis E. Of these, hepatitis A, hepatitis B and hepatitis C are the most common.

Hepatitis B can be an acute (a short-term infection lasting less than six months) or a chronic infection (a long-term infection lasting more than 6 months).

How common is hepatitis B in Australia?

Acute hepatitis B is not common, but chronic hepatitis B is very common among people born overseas, especially people from Asian and African countries.

Are people tested for hepatitis B before they come to Australia?

Most people are not required to be tested for hepatitis B before moving to Australia either permanently or temporarily. Therefore, you should get tested if you don't know whether you have hepatitis B or not.

How does hepatitis B affect people?

Acute hepatitis B doesn't cause long term health problems. However, approximately 25% of people with chronic hepatitis B can develop serious liver disease including **liver failure** (the liver stops working), **liver cirrhosis** (scarring of the liver), **liver cancer** and **even death**. These can be prevented if people with chronic hepatitis B have regular check-ups with their doctors, and take treatment if required.

Paano nakakakuha ng hepatitis B ang mga tao?

Maaaring makuha ng mga tao ang hepatitis B sa pamamagitan ng:

- Transmisyon na mula sa **ina-patungo-sa-sanggol**: maaaring ipasa ng isang buntis na ina na may hepatitis B ang virus sa kanyang sanggol sa panahon ng proseso ng panganganak. Ito ang pinakakaraniwang paraan upang mahawa sa hepatitis B sa maraming bansa. Subalit, ang hepatitis B ay hindi isang henetikong sakit. Kung kaya't ang transmisyon na mula sa ina-patungo-sa-sanggol ay maaaring iwasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng bakuna sa hepatitis B at immune globulin ng hepatitis B sa sanggol pagkapanganak.
- Transmisyon sa **dugo**: may maraming paraan upang makuha ng mga tao ang hepatitis B sa pamamagitan ng dugo, kahit na hindi nakikita ang dugo. Halimbawa, sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga bagay katulad ng mga labaha at mga sipilyo ng ngipin; mga di-sterilisadong medikal na kagamitan, mga butas sa katawan at mga tattoo.
- Transmisyon sa pamamagitan ng **pakikipagtalik**: maaari ring maikalat ang hepatitis B sa pamamagitan ng pakikipagtalik, pero wala pang 5% ng mga taong nasa hustong gulang ang nagkakaroon ng chronic hepatitis B matapos na mahawa.

Hindi makukuha ng mga tao ang hepatitis B sa pamamagitan ng ibang mga kontak katulad ng pagbabahagi ng pagkain, pakikipagkamay, paghahalikan, pagsususo, pagyayakap, paggamit ng mga banyo o kagat ng lamok/mga insekto.

Paano malalaman ng mga tao na may hepatitis B sila?

Ang tanging paraan para malaman ng mga tao kung may hepatitis B sila o wala, ay magkaroon ng pagsusuri sa dugo para sa hepatitis B. **Ang pagsusuring ito ay hindi kasama sa pangkalahatang mga pagsusuri sa dugo**; kailangan mong humiling sa iyong doktor na magsagawa ng mga partikular na pagsusuri sa hepatitis kabilang ang: **hepatitis B surface antigen**, **hepatitis B surface antibody** at **hepatitis B core antibody**. Ang lahat ng mga GP ay maaaring mag-order ng mga pagsusuring ito. Libre ang mga pagsusuri kung may Medicare card ka.

Ang mga taong may hepatitis B ay karaniwang hindi nakakaramdam o mukhang may sakit, kung kaya't maraming mga tao na may hepatitis B ay hindi alam na mayroon sila nito. Sa Australia, **halos 1 sa 4 na tao na may chronic hepatitis B ay hindi alam na mayroon sila nito**.

Kung ang isang tao ay may hepatitis B **napakahalaga para sa lahat ng mga miyembro ng pamilya at iba pang mga malapit na kontak/kapareha** na masuri para sa hepatitis B.



How can people get hepatitis B?

People **can** get hepatitis B through:

- Mother-to-baby** transmission: a pregnant woman with hepatitis B can pass the virus to her baby during the birth process. It is the most common way to get hepatitis B in many countries. However, hepatitis B is not a genetic disease. Therefore mother-to-baby transmission can be prevented by giving hepatitis B vaccine and hepatitis B immune globulin to the baby at birth.
- Blood** transmission: there are many ways people can get hepatitis B through blood, even when the blood isn't visible. For example, sharing items like razors and toothbrushes; unsterile medical equipment, body piercings and tattooing.
- Sexual** transmission: hepatitis B can also be spread through sex, but less than 5% of adults develop chronic hepatitis B after being infected.

People **cannot** get hepatitis B through other contacts such as sharing food, shaking hands, kissing, breastfeeding, hugging, using toilets or mosquito/insects bite.

How do people know if they have hepatitis B?

The only way for people to know whether they have hepatitis B or not, is to have a blood test for hepatitis B. **This test is not included in the general blood tests**; you need to ask your doctor to do specific hepatitis tests including: **hepatitis B surface antigen**, **hepatitis B surface antibody** and **hepatitis B core antibody**. All GPs can order these tests. The tests are free if you have a Medicare card.

People with hepatitis B normally don't feel or look sick, therefore, many people with hepatitis B don't know they have it. In Australia, **around 1 in 4 people with chronic hepatitis B do not know they have it**.

If a person has hepatitis B it is **very important for all family members and other close contacts/partners** to be tested for hepatitis B.

